

Food Permit Wage Theft Enforcement Background

Ang Office of Labor Standards Enforcement (OLSE), sa tulong ng Department of Environmental Health ng County ng Santa Clara, ay nakikipag-ugnayan sa mga retail vendor ng pagkain na may mga hatol ng paglabag sa trabaho upang hikayatin ang pag-aayos ng pagbabayad.

Mga Layunin

1. Pagtibayin ang isang magandang kapaligiran sa ekonomiya para sa mga negosyo at manggagawa ng county
2. Pagsunod ng buong industriya sa mga batas sa trabaho ng Pederal at Estado
3. Pagtupad sa mga umiiral na hatol

Mga Mapagkukunan sa County ng Santa Clara

- Attorney Staffed Advice Line
1-866-870-7725
- Enterprise Foundation
1-408-385-9800
- Business Circle LatinX Powered by Prosperity Lab
1-408-547-3190
www.prosperitylab.org



Ano ang Office of Labor Standards Enforcement?

Itinatag ang Office of Labor Standards Enforcement noong Nobyembre 2017 ng Lupon ng mga Superbisor ng County ng Santa Clara.

Ang aming misyon ay isulong ang mga pamantayan sa trabaho sa pamamagitan ng maingat na pakikipag-ugnayan sa komunidad at negosyo, madiskarteng pagpapatupad, pagbabago at pag-aaral, at pagbuo ng patakaran nang may pagtuon sa pagkapantay-pantay at katarungang panlipunan.

Makipag-ugnayan sa Amin

2460 North 1st Street, Suite 220
San Jose, CA 95131
1-408-678-3210
OLSE@ceo.sccgov.org
www.sccfairworkplace.org

Free Advice Line Staffed by Attorneys
1-866-870-7225

Food Permit Wage Theft Enforcement

Paano sumunod sa mga kinakailangan ng batas sa sahod at oras ng inyong permit sa pagkain



OLSE
Office of Labor
Standards Enforcement

Ano ang Food Permit Wage Theft Enforcement Program?

Ang mga may-ari ng permit sa pasilidad ng pagkain na may mga umiiral na hatol o kautusan sa paglabag sa trabaho ay makakaasang makatanggap ng serye ng mga abiso mula sa Office of Labor Standards Enforcement (OLSE) ng County at ang Department of Environmental Health (DEH) na nangangailangan ng pagtugon sa pamamagitan ng:

1. Pagpapatunay ng ganap na pagsunod sa hatol
2. Pagpapatunay na hindi pinal o hindi naaangkop sa may-ari ng permit ang hatol
3. Pagkilala sa umiiral na hatol at paglalatag ng isang plano ng pagbabayad

Matatapos ang pagkilos sa pagpapatupad kapag nabayaran na nang buo ang lahat ng umiiral na hatol.

Ano ang isang hatol?

Ang mga hatol o pinal na pang-administratibong kautusan na ibinibigay ng California Labor Commissioner's Office at ng U.S. Department of Labor ay nauugnay sa isang hanay ng mga paglabag sa batas sa trabaho, tulad ng:


- Hindi pagsunod sa mga batas sa sahod at oras tulad ng minimum na sahod, overtime, at mga pahinga
- Mga paglabag sa lugar ng trabaho tulad ng paghihiganti, sexual harrassment, o labor trafficking

Paano nito naapektuhan ang aking negosyo?

Kung ang inyong negosyo ay may permit sa pasilidad ng pagkain at mayroon kayong umiiral na hatol o kautusan sa paglabag sa trabaho, mayroon kayong 45 araw upang sumunod bago simulan ng County ang mga aktibidad sa pagpapatupad. Maaaring ihinto ang aktibidad sa pagpapatupad sa pamamagitan ng:

- Pagbabayad nang buo sa hatol o kautusan
- Pagtawag sa OLSE upang maglatag ng plano ng pagbabayad
- Paghiling ng pagdinig upang labanan ang Abiso sa Paglabag

Ang Daan sa Pagsunod



Walang umiiral na hatol, walang epekto

Hindi maaapektuhan ang inyong negosyo kung hindi kayo napapailalim sa isang umiiral na hatol o kautusan sa paglabag sa trabaho. Kung hindi kayo sigurado kung mayroon kayong umiiral na hatol o kautusan, makipag-ugnayan sa:

California Labor Commissioner's Office:

- Telepono: 1-408-277-1266
- Website: www.dir.ca.gov/dlse

U.S. Department of Labor:

- Telepono: 1-408-291-7730
- Website: www.dol.gov/agencies/whd